# PROYEKTONG AKAP (ANGKOP NA KASANAYAN SA PAGBASA): ISANG INTERBENSYON SA PAGBASA AT PAG-UNAWA PARA SA MGA MAG- AARAL SA IKAWALONG BAITANG NA NASA PAGKABIGONG ANTAS





**JOCELYN V. ALMENANZA**
Dalubguro I, Filipino

**NORMITA F. DELOS SANTOS**
Ulong Guro II, Filipino

**CRIZIALYN A. PLAZA**
Guro I, Filipino

Biñan Secondary School of Applied Academics

## ABSTRAK

Ang pagbasa nang may pang- unawa ay isa sa dapat na pagtuunan at bigyang- pansin sa larangan ng edukasyon. Ito ay isang suliraning nangangailangan ng agarang solusyon lalo na sa ngayon na dumaan tayo sa pandemyang nagdulot ng *learning gaps* sa mga mag- aaral. Mapapansing marami sa mga mag- aaral na mula sa Baitang 8 ang nahihirapang makasabay sa mga aralin at mababa ang nakukuhang iskor sa mga pagsusulit dahil sa kanilang kahinaan sa pagbasa at pag- unawa.

Ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) ay nakatulong nang malaki sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa at pag-unawa. Ito ay tumugon sa layunin ng Departamento ng Edukasyon na ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay dapat na magpatuloy sa kabila ng mga di- magagandang pangyayari.

Batay sa naging resulta ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) ay naging lubhang epektibo upang makatulong sa pag-unlad at mahasa ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa at pag-unawa. Naging daan sa pagkakaroon ng positibong resulta o pagtaas ng antas ng pagbasa at pagkaunawa ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay na isinagawa ng mga guro gamit ang iba't ibang teksto na may talatanungan. Ito rin ay naglunsad ng isang makabuluhan at makapagpapabuting paraan upang ang mga mag-aaral ay maging masigasig, matiyaga at mahalin ang pagbabasa.

***Mga Susing Salita**: Antas, Pagbasa, Pag-unawa, Interbensiyon, Pagkabigo, Paggamit ng Teksto*

## INTRODUKSIYON

Ayon sa DepEd Order 14, s. 2018, ang pagbuo ng *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)* ay isa sa mga inisyatiba na inilagay bilang suporta sa *Every Child A Reader Program (ECARP*) na may layuning ang bawat batang Filipino ay nakababasa at nakasusulat sa baitang na kanyang kinabibilangan. Bago makapagdisenyo at makapagbigay ng angkop na interbensyon ang guro sa pagtuturo sa pagbabasa para sa kanilang mga mag-aaral, dapat alamin muna ang lebel ng kanilang kasalukuyang antas at kakayahan sa pagbasa. Ang *Phil-IRI* ay isa sa mga kasangkapan na ginamit ng mga guro upang matukoy ang mga kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Kaugnay din nito ay ang pagkakaroon ng pusong mapapagmahal, maunawain at mapagkalinga ng isang guro sa kanyang mga mag- aaral upang sila ay kanyang yakapin sa kasalukuyan nilang kalagayan sa pagbasa.

Ang pagbasa ay sistematikong proseso ng pagkilala at pag-unawa sa mga nakalimbag na titik o simbolo. Sa gawaing ito, ang mensaheng nais iparating ng manunulat ay inuunawa at binibigyan ng interpretasyon ng mga mambabasa. Sa pagbasa, kumukuha tayo ng impormasyon at ng kahulugan mula sa mga sagisag na nakikita ng ating mga mata. Ayon kay Valentine (2000), ang pagbasa ang pinaka-pagkain ng ating utak. Sa hinuha naman nila Bond Tinker, Wasso, at Wasson (1994), ang pagbasa ay isang proseso na kung saan ang mga indibidwal ay kayang kilalanin ang mga simbolo mula sa isang *'reading pattern'*. Kung kaya, ang mambabasa ay kayang maunawaan ang kanyang binasa at kalaunan ay maalala ang mga sipi na kanyang nakita.

Sa kabilang dako, binigyang kahulugan naman ang *'reading comprehension'* bilang ang pag-unawa sa nakasulat na salita, pag-intindi sa nilalaman nito, at ang pagbuo ng kahulugan sa binasang teksto (Healy, 2002).

Ayon kay Constantino 2008, may ilang epektibong atityud sa pagbasa. Una, pagiging alerto — laging inaalam kung ano ang sinasabi ng awtor at paano sinabi; pangalawa, nay fleksibilidad, may malawak na kaalaman at kasanayan sa pagbasa at pag-iisip at nagagamit ang mga ito depende sa sinasabi ng awtor at paano ito sinasabi. At pangatlo, nakapagsasarili — nakagagawa ng sariling pangangatwiran, pagsusuri, paghuhusga, at pagtatasa.

Ang mga atityud na ito ay higit na makatutulong sa mga mag-aaral upang maunawan ang binabasa. Malinaw na isinasaad nito na mahalagang taglayin ng isang mambabasa ang mga atityud na para sa pag-unawa.

Samantala, ang pag-unawang literal ay nakapokus sa mga ideya at impormasyong tuwirang nakalahad sa teksto. Ang mga kasagutan sa mga tanong na literal ay simpleng pag-alaala sa mga impormasyon at detalyeng nakapaloob sa babasahin. Bagama't nangangailangan lamang ito ng mababang antas ng pag-iisip, mahalaga ito bilang isang pundasyon sa paglinang ng mataas napag-iisip.

Buhat rito, batay sa pag-aaral nina Ghafournia at Afghari (2013), ang *retrieval strategies* ay naisasagawa ng mga mag aaral ng wika upang magbalik tanaw sa impormasyon gaya ng paggamit ng pangunahing kaalaman at grammatical rules.

Bilang karagdagan, ayon sa Merriam-Webster Dictionary, ang salitang *'retrieval'* ay nangangahulugang proseso ng pagkuha at pagbalik ng isang bagay. Kung kaya kahit papaano, ang *retrieval strategies* ay maiuugnay sa paggawa ng *grammatical knowledge*, pangunahing kaalaman, mga karagdagang estratehiya at impormasyon (Phakiti, 2006).

Ang *comprehending strategies* ay nakatutulong sa mga kabataan upang maunawaan at maalala ang mga diskusyon. Kadalasan sa mga pananaliksik sa *comprehending strategies* ay nakatuon lamang sa pagkatuto sa tekstong binabasa. Mayroong limang estratehiya upang mahasa ang pag-unawa, ito ay: monitoring, paggamit

ng estruktura, pagbubuod, elaborating, at pagpapaliwanag (Chinn, C. at Chinn, L. 2009).

Bilang karagdagan, ang *metacognitive strategies* naman ay ginagamit sa pagplaplanong mabantayan at maisaayos ang pagbabasa. Ayon kina Boulware-Gooden, Carreker, Joshu, at Thornhill (2013), ang gamit ng *metacognitive strategy* ay upang matulungan ang mga mag-aaral na matandaan nila ang kanilang binasa, bago at pagkatapos nilang magbasa.

Ang pananaliksik na ito ay nakatulong nang malaki sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa. Ito ay tumugon sa layunin ng Departamento ng Edukasyon na ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay dapat na magpatuloy sa kabila ng mga di-magagandang pangyayari at nakabatay ang programang ito sa *Basic Education Learning Continuity Plan* (BE LCP).

**PAMAMARAAN NG PAGSASALIKSIK**

Ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) ay isang interbensyon na nakatulong upang mapataas ang antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag- aaral sa Filipino mula sa Ikawalong Baitang.

Sa pananaliksik na ito na natukoy ang mga mag- aaral na may kahinaan sa pagbasa o mga nasa Pagkabigong Antas at sila ay isinailalim sa interbensyon pagbasa upang sila ay maturuan at mas mapaunlad pa ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa.

Ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) ay isang interbensyon na nakatulong upang mapataas ang antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag- aaral sa Filipino mula sa Ikawalong Baitang.

Ang mga naging kalahok sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral sa Baitang 8 na nasa Pagkabigong Antas sa Biñan Secondary School of Applied Academics.

| Kalahok | Bilang |
|---|---|
| Guro | 3 |
| Mag- aaral | 12 |
| Kabuuan | 15 |

Ang talahanayan ay nagpapakita ng mga kalahok sa pananaliksik. Kabilang dito ang tatlong (3) guro ng Filipino sa Baitang Walo at ang labingdalawa (12) na mga mag-aaral na nasa Antas ng Pagkabigo.

Upang makuha at mataya ang Antas ng Pagbasa at Pag- unawa ay nagsagawa ng Pauna at Panapos na Pagtataya ang mga gurong mananaliksik na kung saan ay natukoy ang mga salitang may pagkakamali *(Miscues)* ang mga mag-aaral sa pagbasa at nagsagot ng mga katanungan na tumugon naman sa kanilang pagkakaunawa *(Comprehension)* sa nilalaman ng teksto. Ang mga mag-aaral na isinailalim sa interbensyon ay dumaan sa mga pagsasanay sa pagbabasa sa tulong at gabay ng mga guro at ng kanilang mga magulang. Sa pamamagitan ng mga tekstong pansanay na may bilang na walo (8) at naglalaman ng mga katanungang (6) sumukat sa kanilang literal, paghihinuha, at kritikal na pag-unawa at sa pagsubaybay ng mga guro ay kanilang nakita ang unti-unting pagbabago sa larangan ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sila ay nakapagtala na ng mga may kataasang iskor sa komprehensyon at ang kanilang pagbasa sa mga salita, parirala, at pangungusap ay nagkaroon na rin ng pagbabago.

Sa pagsusuri ng datos na nakalap, ang mga gurong mananaliksik ay gumamit ng *Quantitative data analysis method*. Sa pamamaraang ito ay kinuha ang bahagdan ng resulta sa Pauna at Panapos na Pagtataya sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral gamit ang *Mean* upang masagot ang una at ikalawang katanungan na tumugon sa antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng isinagawang inteberbensyon. Gumamit din ang mga gurong mananaliksik ng *Microsoft Excel Data Analysis Tool Packed* na *Paired T-test of Assuming Equal Variance* upang analisahin o suriin at tuusin ang resulta ng datos at malaman kung may *significantly difference* o makabuluhang pagkakaiba ba sa pagbasa at

pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyong isinagawa.

## RESULTA NG PANANALIKSIK

Ang resulta ng pananaliksik na isinagawa ng mga gurong mananaliksik ay tumugon at nagbigay-linaw sa sumusunod na katanungan.

1. Ano ang kasalukuyang antas sa pagbasa ng mga mag- aaral batay sa isinagawang Phil-IRI?

**Talahanayan 1. Antas ng Pagbasa at Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Paunang Pagtataya**

| RESULTA NG PAUNANG PAGTATAYA | | | |
|---|---|---|---|
| MAG-AARAL | PAGBASA (%) | PAG-UNAWA (%) | ANTAS NG PAGBASA |
| 1 | 88.8 | 50 | PAGKABIGO |
| 2 | 84.5 | 38 | PAGKABIGO |
| 3 | 76.4 | 25 | PAGKABIGO |
| 4 | 65.83 | 50 | PAGKABIGO |
| 5 | 67.08 | 38 | PAGKABIGO |
| 6 | 64.59 | 50 | PAGKABIGO |
| 7 | 83.22 | 38 | PAGKABIGO |
| 8 | 87.57 | 63 | PAGKABIGO |
| 9 | 90.7 | 50 | PAGKABIGO |
| 10 | 80.74 | 25 | PAGKABIGO |
| 11 | 82.6 | 50 | PAGKABIGO |
| 12 | 83.22 | 38 | PAGKABIGO |
| **MEAN** | **79.60** | **42.92** | **PAGKABIGO** |

Ang Talahanayan 1 ay nagpakita ng resulta sa Paunang Pagtataya na isinagawa sa mga mag-aaral. Ito ay nagsasad ng pangangailangan sa interbensyon ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa na siyang naging dahilan ng pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Makikita sa talahanayan na ang mga mag-aaral ay nasa Pagkabigong Antas sa larangan ng Pagbasa at Pag-unawa.

2. Ano ang naging antas sa pagbasa ng mga mag- aaral pagkatapos na maisagawa ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) para sa mga nasa Pagkabigong Antas?

**Talahanayan 2. Antas ng Pagbasa at Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Panapos na Pagtataya**

| RESULTA NG PANAPOS NA PAGTATAYA | | | |
|---|---|---|---|
| MAG-AARAL | PAGBASA (%) | PAG-UNAWA (%) | ANTAS NG PAGBASA |
| 1 | 95 | 75 | PAMPAGKATUTO |
| 2 | 90.7 | 75 | PAMPAGKATUTO |
| 3 | 90.7 | 63 | PAMPAGKATUTO |
| 4 | 90.06 | 75 | PAMPAGKATUTO |
| 5 | 90.7 | 75 | PAMPAGKATUTO |
| 6 | 90.7 | 63 | PAMPAGKATUTO |
| 7 | 90.06 | 63 | PAMPAGKATUTO |
| 8 | 90.06 | 75 | PAMPAGKATUTO |
| 9 | 90.7 | 75 | PAMPAGKATUTO |
| 10 | 91.3 | 75 | PAMPAGKATUTO |
| 11 | 91.9 | 63 | PAMPAGKATUTO |
| 12 | 90.7 | 63 | PAMPAGKATUTO |
| **MEAN** | **91.05** | **70.00** | **PAMPAGKATUTO** |

Sa Talahanayan 2 ay ipinakita ang Antas ng Pagbasa at Pag-unawa ng mga mag-aaral sa Panapos na Pagtataya. Batay sa nasa talahanayan ay nagpakita ito ng pagtaas o pag -unlad ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa at pag-unawa. Matapos isagawa ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) ay naging Pampagkatuto na ang Antas ng Pagbasa at Pag-unawa ng mga mag-aaral.

3. May makabuluhang pagkakaiba bang naganap sa antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag aaral matapos isagawa ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa)?

Ang Talahanayan 3 at 4 ay nagsaad ng

**Talahanayan 3. Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Pagbasa sa Pauna at Panapos na Pagtataya**

| PAGBASA | N | X | df | T value | P value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PAUNANG PAGTATAYA | 12 | 79.6 | 11 | 4.53 | 0.0009 | *EXTREMELY SIGNIFICANT* o LUBHANG |
| PANAPOS NA | 12 | 91.05 | | | | |

**Talahanayan 4. Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Pag-unawa sa Pauna at Panapos na Pagtataya**

| PAG-UNAWA | N | X | df | T value | P value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PAUNANG PAGTATAYA | 12 | 42.9 | 11 | 8.07 | 0.0001 | *EXTREMELY SIGNIFICANT* o LUBHANG MAKABULUHAN |
| PANAPOS NA PAGTATAYA | 12 | 70 | | | | |

makabuluhang pagkakaibang naganap sa Antas ng Pagbasa at Pag-unawa ng mga mag-aaral sa isinagawang Pauna at Panapos na Pagtataya.

Samakatuwid, ang isinagawang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) sa pamamagitan pagsasanay ng mga guro gamit ang iba't ibang teksto ay nagpapatunay na lubhang nakatulong upang mula sa Pagkabigo ay naging Pampagkatuto ang antas ng kanilang pagbasa at pag-unawa.

## PAGTATALAKAY NG RESULTA

Ang naging resulta ng pananaliksik ng mga guro ay isang pagpapatunay na ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) ay naging matagumpay sa layunin nitong mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang sa Biñan Secondary School of Applied Academics. Sa isinagawang pagsasanay sa kanila sa pagpapabasa ay nahubog ang kanilang mga kakayahan at nakatulong ito sa pagpapabuti at pagpapalawak ng kanyang kaalaman.

Para sa mga gurong mananaliksik, ang pagkakaroon ng positibong epekto ng resulta nito sa mga mag-aaral ay isang dahilan upang higit nilang pag-ibayuhin ang kanilang pagsisipag, pagsisikap, pagtitiyaga at kagustuhang maging instrumento sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mas marami pang mga mag-aaral.

Ang mga gurong naging katuwang upang maisakatuparan ang proyektong ito ay nagpakita ng kanilang husay at tiyaga upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang pagtuturo sa mga mag-aaral ay ginawa nilang kasiya-siya at kapana-panabik upang ng sa ganon ay mas naisin pa ng mga mag-aaral na matuto. Ang mga pagsasanay sa pagbasa gamit ang iba't ibang teksto ay pumukaw sa interes at kagustuhan ng mga mag-aaral na matuto.

Sa kabuuan, ang pagkakaisa, pakikibahagi at pagtutulungan ng bawat isa para sa Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) ang naging susi sa lubhang kasiya-siyang resulta nito na nagdulot ng kapakinabangan sa mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay nagkaroon ng kaaya-ayang resulta kung kaya't ang mga mag-aaral na isinailalim sa interbensyon ay higit na naging produktibo sa klase. Mapapansing nagkaroon sila ng kumpiyansa sa pakikilahok sa talakayan, may kahandaan na kapag pinababasa ng guro at ang kanilang marka sa mga gawain at pagsusulit ay nagkaroon na rin ng pag-unlad. Ang mga positibong epekto nito ay hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi ganyundin sa iba pang asignatura. Dahil sa mga nabanggit, ito rin ay magkakaroon ng magandang resulta sa larangan ng edukasyon. Marami sa mga mag-aaral sa mga susunod na panahon ang magkakaroon ng pagkakataong matupad ang mga pangarap at maging bahagi ng isang pag-unlad.

Ang Proyektong AKAP (Angkop na KAsanayan sa Pagbasa) bagama't isang panimulang proyekto pa lamang ay nagpapatibay ng kapakinabangan nito lalong-lalo na sa mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa. Ito ay nakaeengganyo sa mga mag-aaral na paunlarin pa ang kanilang mga sarili at mas pag-ibayuhin pa pagmamahal sa pagbabasa

## PAGKILALA

Isang taos-pusong pasasalamat ang aming ipinaaabot sa lahat ng mga taong nagbigay ng tulong at suporta upang ang pananaliksik na ito ay aming maisakatuparan. Pasasalamat at pagkilala sa mga sumusunod; CID Chief, Ma'am Mary Ann L. Tatlongmaria; at sa mga nangungunang tagapamahala ng City Schools Division of Biñan City, sa pamumuno ng ating butihing Schools Division Superintendent, Ma'am Manuela S. Tolentino, CESO V; OIC Assistant Schools Division Superintendent, Ma'am Edenia O. Libranda; at sa ating SGOD Chief, Sir Bayani V. Enriquez.

Lubos din kaming nagpapasalamat sa aming mahusay at masipag na Punong Guro, Dr. Leslie V. Denosta ng Biñan Secondary School of Applied Academics sa kanyang pagsuporta at paggabay.

Kay G. Patrick James Pelicano, Master Teacher I English, Gng. Luzviminda A. Parilla, Master Teacher I- Filipino ng Biñan Integrated National High School at sa aming Punong Guro, Dr. Leslie V. Denosta sa paglalaan ng panahon sa balidasyon ng aming kagamitan sa pananaliksik na ito. Sa aming EPS ng Filipino, Dr. Raquel L. Azur, kay G. Edward P. Manuel, Senior Education Program Specialist of Planning and Research Action at sa aming masigasig na PSDS ng District 7 Dr. Nerra A. Visperas, at Bb. Diane M. Furio, Research Coordinator ng BSSAA, maraming salamat po sa patuloy na paghikayat at paggabay sa aming isinagawang pananaliksik.

Panghuli, nais naming buong kababaang-loob na ipahayag ang aming lubos na pasasalamat sa ating Panginoong Maykapal para sa Kaniyang pagbibigay ng hindi natitinag na paggabay, lakas, at karunungan sa amin upang matapos namin ang pananaliksik na ito. Sa mga sandali ng

kawalan ng katiyakan, ang Kaniyang biyaya ay nagbigay sa amin ng kalinawan, at ang Kaniyang mga pagpapala ay nagpalakas sa amin. Ang Kaniyang banal na presensya ay aming kinikilala bilang pinagmumulan ng inspirasyon at kaliwanagan sa aming buhay upang patuloy na pagbutihin pa ang propesyong aming pinili. Salamat po Panginoon sa iyong walang hanggang suporta at biyaya.

**SANGGUNIAN:**


Afghari, A. & Ghafournia, N. (2013). The Interaction between Cognitive Test-Taking Strategies, Reading Ability, and Reading Comprehension Test Performance of Iranian EFL Learners. Nakuha mula sa https://scholar.google.com.ph/scholar_url?url=https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1077148.pdf&hl=en&sa=X&ei=ozj2Y82dDoWYywTYn4T4Ag&scisig=AAGBfm2qpq_KTHUUGEDRvb19duNIVxqkkA&oi=scholarr

Balan, S. et al (2019). Reading Habits and Their Influence on Academic Achievement Among Students at Asia Pacific International University. Nakuha mula sa https://jurnal.unai.edu/index.php/isc/article/view/928/1486

Carreker, S. et al (2013). Instruction of Metacognitive Strategies Enhances Reading Comprehension and Vocabulary Achievement of Third-Grade Students. Nakuha mula sa https://www.readingrockets.org/article/instruction-metacognitive-strategies-enhances-reading-comprehension-and-vocabulary

Chinn, C. & Chinn, L. (2009). Cognitive Strategies. http://www.cognitivestrategies.education.com

Department of Education. (2018). DO 14, s. 2018: Policy guidelines on the administration of the revised Philippine Informal Reading Inventory. Nakuha mula sa https://www.deped.gov.ph/2018/03/26/do-14-s-2018-policy-guidelines-on-the-administration-of-the-revised-philippine-informal-reading-inventory/

Guanzo, J. S. (n.d.). Pagbasa at Pagsusuri. Nakuha mula sa https://www.academia.edu/42884457/Pagbasa_at_Pagsusuri

Phakiti, A. (2006). Modeling cognitive and metacognitive strategies and their relationships to EFL reading test performance. Nakuha mula sa https://search.informit.org/doi/abs/10.3316/aeipt.165763

Serafin, C. M. (n.d.). Mga Estratehiya sa Pag-unawa sa Pagbasa. Nakuha mula sa https://www.academia.edu/8179031/Mga_Estratehiya_sa_Pag_unawa_sa_Pagbasa